DepEd ADVISORY No. 220, s. 2013
May 29, 2013
In compliance with DepED Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

HASAAN 4: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGPAPAIGTING NG KADALUBHASAAN SA WIKA, PANITIKAN, AT PANANALIKSIK

Ang Departamento ng Filipino ng Universidad ng Santo Tomas (UST) ay magsasagawa ng pambansang kumperensiya na pinamagatang *Hasaan 4: Pambansang Komperensiya sa Pagpapaigting ng Kadalubhasaan sa Wika, Panitikan at Pananaliksik* na may temang *Silip, Sipat, Sikap: Ang Guro sa Pagharap at Pagtugon sa Hamon ng Pagtuturo at Pananaliksik* na gaganapin sa Oktubre 16-18, 2013 sa AMV College of Accountancy Multipurpose Hall, UST, Sampaloc, Maynila.

Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. mapataas ang kaalaman at kasanayan ng mga delegado sa wika, panitikan at pananaliksik at mapanatili ang matibay na ugnayan interdisiplinari ng mga ito para sa mas mayamang proseso ng pagtuturo at pagkatuto; at
2. makalikha ng matibay na network ng mga guro, manunulat, mananaliksik, manggagawang pangkultura at iba pang iskolar na magsusulong sa kapakanan ng wika at panitikang Filipino sa bansa.

Ang mga guro sa Filipino sa elementarya, hayskul at kolehiyo mula sa iba't ibang panig ng bansa, mga mag-aaral sa antas di gradwado at gradwado na nagpapakadalubhasa sa wika o panitikang Filipino o anumang kaugnay na larangan, mga manunulat, tagasalin, mananaliksik at iba pang iskolar sa Filipino at mga tagapamahala at kawani ng mga ahensyang nauugnay sa Filipino ay inaanyayahang dumalo sa Kumperensiya ito.

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Dr. Amur M. Mayor	Prof. Alvin Ringgo C. Reyes	G. Ronald Manalastas
Direktor, HASAAN 4	Puno, Sekretaryat	Chief of Staff
Mobile Phone Blg.: 0926-239-0926	Mobile Phone Blg.: 0915-128-9326	UST OVRAA General Education Office
Email Address: doc_amayor@yahoo.com	Email Address: alvinringgoreyes@yahoo.com	Telepono Blg.: (02) 406-1611 lokal 8236

D-MCR/DA-HASAAN 4
0434/May 24/27, 2013